San Francisco Health Network
Behavioral Health Services

PAUNAWA UKOL SA KAWALAN NG DISKRIMINASYON

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sinusunod ng San Francisco Behavioral Health Services ang mga batas ng Estado at Pederal sa karapatang sibil. Ang San Francisco Behavioral Health Services ay hindi nandidiskrimina, nangbubukod ng mga tao, o nagtatangi dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, pinagmulan, bansang pinanggalingan, etnikong pangkat, edad, kapansanan sa pag-iisip at sa pisikal, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, gender, pagkakakilanlan ng gender, o seksuwal na oryentasyon.

Ang San Francisco Behavioral Health Services ay nagbibigay ng:

- Libreng tulong at mga serbisyo sa mga taong may kapansanan upang matulungan sila sa komunikasyon, tulad ng:
  - Kwalipikadong mga sign language interpreter
  - Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking titik, braille, audio o maa-access na mga elektronikong format)
- Libreng mga serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, tulad ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter
  - Nakasulat na impormasyon na nasa iba pang wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Behavioral Health Access Center 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-246-3333. O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita ng maayos, mangyaring tumawag sa TDD/TTY: 711. Puwedeng makuha ang dokumentong ito sa braille, malaking titik, audio, o naa-access na mga elektronikong format kapag hiniling.

KUNG PAANO MAGHAIN NG REKLAMO

Kung naniniwala kang ang San Francisco Behavioral Health Services ay nabigong ibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas na nandiskrimina sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, pinagmulan, bansang pinaggalingan, etnikong pangkat, edad, kapansanan sa pag-iisip at sa pisikal, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, gender, pagkakakilanlan ng gender, o seksuwal na oryentasyon, puwede kang maghain ng reklamo sa San Francisco Behavioral Health Services. Puwede kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng telepono, nakasulat, nang personal, o elektroniko:

- Sa pamamagitan ng telepono: Makipag-ugnayan sa Behavioral Health Access Center 24 na oras kada araw, 7 araw kada linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-246-3333. O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita ng maayos, mangyaring tumawag sa TDD/TTY: 711.
- Nakasulat: Punan ang form ng reklamo o sumulat at ipadala ito sa:

San Francisco Behavioral Health Services
Grievance/Appeal Office
1380 Howard Street, 2nd Floor
San Francisco, CA 94103
Makukuha ang mga form ng reklamo sa:
https://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS/default.asp

- Personal: Pumunta sa tanggapan ng iyong provider o sa Behavioral Health Access Center at sabihin na gusto mong maghain ng reklamo.

- Sa elektronikong paraan: Isumite ang nakumpletong form ng reklamo sa BHS.GrievanceAppeal@sfdph.org

---

TANGGAPAN NG KARAPATANG SIBIL – KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA
Puwede ka ring maghain ng reklamo ukol sa karapatang sibil sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California, Tanggapan ng Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, nang nakasulat, o elektroniko:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa **711 (California State Relay)**.

- Nakasulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

  Department of Health Care Services
  Office of Civil Rights
  P.O. Box 997413, MS 0009
  Sacramento, CA 95899-7413

  Makukuha ang mga form ng reklamo sa:
  https://www.dhcs.ca.gov/discrimination-grievance-procedures

- Elektroniko: Mag-email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

OFFICE OF CIVIL RIGHTS (OPISINA NG MGA KARAPATANG SIBIL) – U.S. DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES (KAGAWARAN NG KALUSUGAN SA SERBISYONG PANTAO NG US)
Kung naniniwala kang nadiskrimina ka batay sa lahi, kulay, bansang pinanggalingan, edad,

kapansanan o kasarian, puwede ka ring maghain ng reklamo ukol sa karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights sa pamamagitan ng telepono, nang nakasulat, o elektroniko:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa **TTY/TDD 1-800-537-7697**.
- Nakasulat: Punan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

  U.S. Department of Health and Human Services
  200 Independence Avenue, SW
  Room 509F, HHH Building
  Washington, D.C. 20201

- Makukuha ang mga form ng reklamo sa http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html.

- Elektroniko: Pumunta sa Office for Civil Rights Complaint Portal sa https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf